Pakitago po lamang

September 2020

Para sa mga magulang

Mutsumi Seibu Elementary School, School Principal: Yamamoto 則夫

# 異常気象時の登下校について（お知らせ）
# Tungkol sa Pagpasok at Pag-uwi sa Oras ng Abnormal na Panahon（Paunawa）

Kung may babala sa bagyo o snow mula sa Okazaki City, gagawin ang mga sumusunaod na hakbang at hinihiling namin ang inyonh pang-unawa.

Nilalaman

**1 Kung ang "babala sa bagyo" o "babala sa snow" ay inanunsyo/ibinigay ng Okazaki City bago pumasok ang bata sa paaralan.**

（1）Kung ang babala ay kinansela 2 oras bago mag-umpisa ang klase (<u>6:15 ng umaga, oras ng paaralan</u>), gagawin ang klase gaya ng dati.

（2）Kung ang babala ay kinansela simula 2 oras bago mag-umpisa ang klase (6:15 ng umaga, oras ng paaralan), hanggang 11:00 ng umaga, ang klase ay magsisimula 2 oras pagkatapos ikansela ang babala sa araw na iyon..

Depende sa sitwasyon, kami ay magpapadala ng mensahe sa Mutsumi Seibu Mail at Homepage ng paaralan tungkol sa gabay sa pagpasok at pag-uwi ng mga bata.

（3）Kung hindi kinansela ang babala sa oras na 11:00 ng umaga, ang klase ay kansela (walang pasok).

＊Ang alin man sa (1) at (2) na nasa itaas, hindi kailangang piliting pumasok ang bata kung may panganib sa daan katulad ng pagkasira ng transportasyon, pagkasira ng mga daan at tulay at ibapa.

**2 Kung ang "babala sa bagyo" o "babala sa snow"ay inanunsyo/ibinigay sa oras na nakapasok na ang bata sa paaralan.**

Kung natukoy na ligtas ang daanan ng mga bata sa pag-uwi, dahilan sa masamang panahon, ititigil ang klase at mabilis na papauwiin ang mga bata.

**3 Kung ibinigay ang "Special Warning"**

（1）Kung ang "Special Warning" ay inanunsyo/ ibinigay ng Nagoya Local Meteorological Observatory sa Okazaki City bago pumasok sa paaralan.

① Hindi papapasukin ang bata.

② Kahit nakansela na ang "Special Warning", susubukan pa rin naming kolektahin ang mga impormasyon tungkol sa kalagayan ng kalamidad at panahon, at sitwasyon ng daanan ng mga bata, hanggat hindi nakukumpirma na ligtas ang daanan ng mga bata sa pagpasok, hindi papapasukin ang mga bata.

裏面に続く

# Pakitago po lamang

（２）Kung ang “Special Warning” mula sa Nagoya Local Meteorological Observatory ay inanunsyo/ibinigay ng Okazaki City sa oras na nakapasok na ang bata sa paaralan.

① Agad na ihihinto ang klase, kokolektahin ang mga impormasyon tungkol sa kalagayan ng kalamidad at panahon, at sitwasyon ng daanan ng mga bata, at gagawin kaagad ang pinakamahusay na hakbang upang matiyak ang kaligtasan ng mga bata (papauwiin o ipapasundo sa magulang).

② Kung kinansela na ang “Special Warning” at ang mga bata ay nananatili pa sa loob ng paaralan, susubukan pa rin naming kolektahin ang mga impormasyon tungkol sa kalagayan ng kalamidad at panahon, at sitwasyon ng daanan ng mga bata, hanggat hindi pa nakukumpirma na ligtas ang daanan ng mga bata pauwi ng bahay, hindi sila papauwiin.

**４ Kung ang “babala sa bagyo” o “babala sa snow” ay hindi inanunsyo/ibinigay, at mahirap hulaan ang kasiguraduhan ng kaligtasan ng mga bata dahil sa abnormal na panahon tulad ng malakas na ulan at mabigat na pagbuhos ng snow.**

Ang paghusga sa sitwasyon ng panahon at trasportasyon, daanan ng paaralan, napagpasyahan na ikansela ang klase.

※Depende sa sitwasyon ng kalamidad at sitwasyon ng ruta ng paaralan, ang pagpapasiya ng pagpasok ng bata sa paaralan ay ibinibigay namin sa magulang. Sa ganitong kaso, ipagbigay alam ito sa grupo ng mga mag-aaral (mga batang kasabay pagpasok sa paaralan) at gayundin ipaalam ito sa paaralan.

**５ Tungkol sa pagpapasyang pagkansela ng School Lunch**

（１）Ang Board of Education ang magdedesisyon kung ikakansela ang School Lunch. Ito ay ipapaalam sa bawat tahanan sa pamamagitan ng Mutsumi Mail at Homepage ng paaralan.

（２）Kapag kinansela ang School Lunch, magdadala ng baong pagkain.

６ Iba pang paalala (Emergency contact)

Magpapadala kami ng mensahe sa pamamagitan ng School Information Mail (Mutsumi Seibu Mail). <u>Kung nabago ang inyong telephone number at email address, mag-register ulit.</u> Mayrooon kaming form para dito. Ipaalam po lamang sa guro para mabigyan ng form.

(Contact：Mutsumi Elemantary School Asst Principal ☎７１－２９７１)